

1

“Alam mo kasi, Adrian, ang love walang pinipiling technology ’yan. Ke nasa old times ka, oh modern, kung tinamaan ka ng pana ni *Kupido*, huli ka!” narinig ni Hazel na sabi ng kaibigan at katrabaho niyang si Abby. Umakto pa itong kunwaring pinapana ang kaharap na si Adrian. “Kahit takot kang ma-in love. Kahit na isinumpa mo pa si Pag-ibig, kahit kagaya ka pa nitong si Hazel na handang magpaka-old maid huwag lang masaktan—”

“Ba’t ako nasali d’yan?” nakairap na sabat niya.

“Huwag ka munang umepal, seryosong usapan ’to,” ani Abby sa kanya bago muling binalingan si Adrian. “Nasa’n na nga tayo?” Kunwari’y nag-isip pa ito. “Ayun, gaya ng sabi ko, dumarating talaga sa buhay ng isang tao ang love. At hindi mo ’yun maiiwasan. Kaya kung ako sa ’yo pabayaang mo na lang ang mama mo. Kung nagmamahalan naman sila noong guy, eh, hayaan mo siyang maging masaya. Wala naman sa edad ang pag-ibig. Bata, matanda, may ngipin oh wala—”

“Boom panes!” pakantang dugtong ni Adrian.

Tumawa si Abby. “Mismo.”

Napailing na lang si Hazel habang nakikinig sa dalawa. College pa lang ay magkakaibigan na silang tatlo at sinuwerteng magkasama sa iisang kompanya. Sila ni Abby ay sa Quezon City branch ng drugstore naka-assign samantalang si Adrian ay sa Caloocan. Nagkataon lang na naka-leave iyong isa nilang kasamahang pharmacist at ang binata ang pansamantalang pumalit dito kaya kasama nila ito ngayon.

Nang may dumating na customer ay iniwan niya ang dalawa sa pagre-replenish ng stock na gamot sa mga rack. Nginitian niya ang lalaking customer nang lapitan niya ito. Pamilyar ito sa kanya, hindi lang yata iisang beses na bumili ito ng gamot sa kanila at siya ang nagkakataong laging umaasiste dito.

“Yes, Sir?”

“Miss, meron ba kayong amnesia na gamot?” seryosong tanong nito.

“Amnesia na gamot, Sir?” nawiwirduhang ulit niya.

Ngumiti ito. “Yes, amnesia. Iyong pag ininom mo, siguradong makakalimot ka. May gusto kasi akong makalimutan.”

“Ano naman ang gusto mong makalimutan, Sir?” pagsakay na lang niya. Gwapo ang lalaki, matangkad, moreno at chinito. Sa biglang tingin ay mukha itong seryoso. Hindi niya alam na marunong pala itong ngumiti. At hindi niya akalain na magbibiro ito nang ganoon.

“Hindi ano. Sino.”

“O sige, Sir. Sino?” Base sa paraan ng pagtingin nito sa kanya ay alam na ni Hazel na siya ang tinutukoy nito. Hindi sa pagmamayabang, pero marami talaga ang nagagandahan sa kanya at hindi lang ngayon nangyari na may customer na nagpalipad-hangin sa kanya.

Marami siyang manliligaw noong high school at noong college, isa pa nga sa mga iyon si Adrian, pero sarado ang kanyang puso sa iba kaya wala siyang ini-entertain.

“Si Miss Hazel Marasigan sana, simula kasi nang makita ko siya hindi na siya nawala sa isip ko,” sabi ng lalaki.

Hindi na siya nagtaka na alam nito ang pangalan niya. May suot siyang nameplate. “Si Sir ang agang mag-joke. Ano po ba talaga ang bibilhin n’yo? Kung amnesia, hindi po ’yun nabibili. Tumalon na lang

po kayo sa building, una ulo.” Pabiro ang tono niya, pero ang totoo ay naiirita na siya, hindi lang niya maipahalata. Ganito talaga ang role ng isang frontliner, iyong kahit gusto mo nang hambalusin ng dos por dos ang mukha ng customer mo, mapipilitan ka pa ring ngumiti.

“Magpapagod pa siyang umakyat ng building, pasagasa na lang siya d’yan sa labas,” sagot ng isang pamilyar na boses.

Sabay pa silang napatingin dito ng customer na ‘bumibili’ ng amnesia at agad kumulo ang kanyang dugo nang mapagsino ito. Si James Salvador, ang kaibigan ng kanyang Kuya Chris na labis niyang kinaiinisan.

“Sir, sa inyo po?” tanong dito ni Jasmin, ang OIC sa kanilang branch.

Patay-malisyang nag-iwas si James ng tingin sa kanila at bumaling sa kaharap. “Saglit lang, ha, nag-iisip pa kasi ako.”

Ngumiti lang si Jasmin at tumalikod na.

Nag-iisip? Ano ’to, restaurant? Adik talaga!
sarkastikong pakli ni Hazel sa isip.

“Ang angas ng lalaking ito, ah,” ani Mr. Amnesia.

“Hayaan mo na siya, Sir, baka nagpapapansin lang.” Sa sulok ng kanyang mata ay nakita niyang umangat ang isang sulok ng mga labi ni James.

Bumili lang ng multivitamins si Mr. Amnesia at nagpaalam na. Nang makaalis ito ay si James naman ang lumipat sa kanyang harapan. “Ano’ng sa ’yo?” tanong niyang hindi itinago ang pagkainis.

“Ang taray. Ba’t d’un sa lalaki kanina ang pa-charming mo? Namimili ka ba ng customer?”

“Hindi. Pero ikaw ang exception.”

“Ang init talaga ng dugo mo sa ’kin, dinalhan pa naman kita ng lunch.” Ipinatong ni James ang isang paper bag sa harapan niya at nakatatak doon ang pangalan ng restaurant.

Ano naman kaya ang motibo nito para gawin iyon? Ngayon lang nito iyon ginawa. At sa dalawang buwan niyang pagtatrabaho sa drugstore ay ngayon lang din ito nagawi roon.

“Bakit, sino may sabi sa ’yong dalhan mo ’ko n’yan? Kaya ko namang bumili, may pera ako.”

“Gusto ko lang, bakit din?” nakangusong sagot nito.

Napipika na siyang talaga. Nang may

nagsidatingan pang mga customer ay hindi na niya ito pinatulan. Sinikap niyang ayusin ang kanyang nakabusangot na mukha.

Plastikan kung plastikan. “Ano’ng sa ’yo? Bilis, ang daming customer.” Mahina ang boses ni Hazel sa takot na tumaas ang kanyang tono.

“Ikaw sana,” sagot ni James.

Binigyan niya ito ng isang matalim na tingin. *Makuha ka sa tingin, kumag ka!*

“Bigyan mo na nga lang ako ng sampung *Bonamine*,” pagkuwa’y seryosong saad nito.

Kung bakit biglang nilukob ng kaba ang kanyang dibdib ay hindi niya maipaliwanag. “Aalis ka?” hindi niya napigilang itanong dito.

“Nope. Si Tita Helen, hindi siya nag-text sa ’yo?”

“Si Mama? Hindi siya nag-text. Wala siyang sinabi. Saan daw siya pupunta?”

“I heard Lucena. Nasa ospital daw ang Lolo mo.”

“Ha?” napalakas niyang bulalas. Napatingin tuloy sa kanya ang mga katrabaho at ang mangilanngilang customer. Nahihiyang tinalikuran niya si James at dali-daling kinuha ang binibili nito.

“Sabihin mo kay Mama hintayin ako,” sabi niya sa binata matapos maibigay rito ang gamot at ang sukli nito. “Mag-a-undertime ako, magpapaalam lang ako.”

“Hihintayin na kita,” pahayag nito.

“Hindi na. Ayokong sumabay sa ’yo. Dalhin mo na rin ’yang pagkain mo, sa bahay na ako magla-lunch.” Tinalikuran na niya ito.

Nilapitan niya si Jasmin na noon ay nasa harap ng kaha at nagpaalam siya rito. Nang pumayag ang babae ay kinuha na niya ang bag sa locker. Nagpaalam din siya kina Abby at Adrian at lumabas na ng drugstore. Hindi niya inaasahang maaabutan pa roon si James. Nakatayo ito sa tabi ng motor nito na nakaparada sa parking. Wala sana siyang balak na pansinin ito pero huli na para magtago, nakita na siya nito.

“Tara,” yaya nito.

“Tara mo ’yang mukha mo. Hindi nga ako sasabay sa ’yo.”

“Bakit ba ang taray mo? Ako na nga ang nagmamagandang-loob, eh.”

Inirapan niya ito. “Hindi ko hinihingi sa ’yo ang

magandang-loob mo kaya huwag kang magreklamo.” Naglakad na siya papunta sa driveway para mag-abang ng jeep.

Sumakay na si James sa motor nito saka iyon pinaandar at pagdaan sa kanyang tapat ay hinintuan siya nito. “Sakay na kasi. Nagmamadali si Tita. Baka hindi mo siya maabutan kung magko-commute ka.”

Napaisip si Hazel, pagkuwa’y napilitang tanggapin ang alok nito. *Ngayon lang ’to*, sabi pa niya sa sarili.

Pants naman ang suot niyang uniform at hindi palda kaya hindi siya mahihirapang umangkas dito. Hindi siya kumapit kay James nang sumakay na siya sa likuran nito. Sinadya pa niyang maglagay ng distansya sa pagitan nila. Pero hindi din iyon nakatulong para hindi siya makadama ng pagkailang. Nag-iinit ang kanyang pakiramdam at umaabot sa kanyang ilong ang amoy nito, pinaghalong men’s perfume at fabric conditioner. Natutukso tuloy siyang ilapit ang ilong dito.

“Hoy, kumapit ka. Pag nahulog ka mayayari ako kay Chris,” tukoy ni James sa kuya at nag-iisang kapatid niya.

“Nakakapit ako,” angil ni Hazel.

“Siguraduhin mo, ha.” Pinasibad na nito ang

motor.

First time niyang umangkas dito kaya hindi niya alam na may pagkakaskasero pala ito. Ang bilis nitong magpatakbo, pagkatapos parang nananadya na biglang pipreno kaya hindi maiwasang mapasubsob siya sa malapad nitong likod.

“Umayos ka naman, *Santiago!*” singhal niya. Iyon ang tawag niya rito pag naiinis siya. Gaya ngayon, hindi na siya makapagtimpi.

“Ha? Ano ’yon, Haze? May sinasabi ka?”

Ngali-ngaling batukan niya ito. Nakahinga lang siya nang maluwag nang sa wakas ay makarating sila sa bahay. Mabilis siyang bumaba sa motor at nauna na siyang pumasok. Naabutan niya ang kanyang mama sa sala.

May isinusuksok ito sa isang overnight bag. “O, Hazel? Ba’t nandito ka?”

“Ano’ng nangyari kay Lolo, Ma? Ba’t hindi ka nag-text sa ’kin?”

“Magte-text pa lang sana ako sa ’yo. Na-stroke daw ang lolo mo, pero okay naman na daw sabi ng Tita Elsa mo. Hindi pa lang daw puwedeng ilabas sa ospital. Pupunta ako d’un para may makahalili ang

tita mo sa pagbabantay.”

“Kung sumama kaya ako, Ma? Gusto ko rin makita si Lolo, eh.”

“Naku, huwag na. Mahaba ang biyahe, mahiluhin ka pa naman. Baka kulangin sa 'yo ang isang banig na *Bonamine*,” sagot ng ina habang inaabot mula kay James ang supot ng gamot. “Salamat, James,” sabi nito sa binata.

Nalukot ang mukha ni Hazel. Limang taon na mula nang makadalaw siya sa probinsya ng ina. Masyado siyang mahiluhin sa biyahe, at nakakasama lang siya pauwi roon kapag may arkila silang sasakyan.

“Mauna na ako. Kayo na ang bahala rito ng kuya mo. Babalitaan ko na lang kayo.”

Si James ang nagbuhat ng bag ng kanyang mama. Inihatid nila ito hanggang kalsada at hinintay na makasakay ito ng taxi. Nang makaalis na ang taxi ay saka siya pumihit pabalik sa bahay. Nakasunod sa kanya si James.

Nilagpasan siya ng lalaki at nanlaki ang mga mata niya nang tumuloy ito sa kanyang kuwarto. “Hoy, trespasser! Ano'ng gagawin mo d'yan?”

“Matutulog,” nakangising sagot nito. “Gusto mo ’ko tabihan?” Ngumiti pa ito nang nakakaloko.

“Sa kuwarto ko? Nananaginip ka ba? Ba’t di ka d’un sa bahay mo matulog?”

“Ayoko doon, ang iingay ng mga naglalaro ng videogames. Hindi ako makakatulog nang maayos.”

“Di d’un ka sa kuwarto ni Kuya. Ba’t d’yan sa kuwarto ko?”

“Malikot matulog si Chris, ayoko siyang katabi.”

Registered nurses na ang kuya niya at si James, pero mas piniling magtrabaho ng huli sa call center kaysa gamitin ang natapos na kurso. Hindi naman daw talaga nito gusto ang tinapos, sumunod lang daw ito sa agos dahil nurse na rin sa Canada ang ate nito at parehong caregiver ang mga magulang. Ngayon ay parehong night shift ang duty nito at ng kanyang Kuya, kaya kapag ganitong araw ay natutulog ang mga ito.

“Wow! Hiyang-hiya naman ako sa ’yo. Nakikitulog ka na lang ikaw pa ang madaming reklamo.” Dahil nga sa kaibigan ito ng kanyang kuya kaya halos sa kanila na rin ito tumira.

Pero kung ang mama at kuya niya ay tunay na

kapamilya na ang turing kay James, siya ay hindi. Palagi niyang ipinaparamdam dito na hindi ito welcome sa kanilang bahay. Third year high school siya nang makilala si James, first year college ito noon at kaklase ng kanyang Kuya Christian. Tubong Laguna ito at noon pa man ay nasa Canada na ang buong pamilya.

Nang maging kaibigan ito ng kanyang kuya ay nakikituloy lang si James sa isang kamag-anak. Nagpatulong ito sa kanyang kapatid na makahanap ng bahay na mauupahan. Nagkataon namang pinaparentahan noon ang second floor ng katabi nilang computer shop at doon na nga ito nakatira magpasa-ngayon.

Unang kita pa lang niya sa binata ay may umusbong nang paghanga sa kanyang murang puso. Masaya si Hazel noon sa tuwing nagagawi ito sa kanilang bahay. Hindi man siya nito kinakausap ay lagi naman itong nakangiti sa kanya at kontento na siya roon.

First year college na siya nang sa wakas ay mapansin siya nito bilang *babae*, hindi bilang nakababatang kapatid ng kanyang Kuya Chris. Niligawan siya nito sa text, at siya na malaki ang pagkakagusto rito ay nagpadala. Plano pa sana niya

itong sagutin. Pero matapos ang isang linggong pagpapa-cute nito sa text ay bigla na lang itong nagbago. Biglang hindi na nagre-reply sa mga text niya at nalaman niya sa kanyang kuya na nagpalit na ito ng number. Hindi na rin ito pumupunta sa kanila kapag naroroon siya, sa madaling sabi ay sinadya siyang iwasan.

At ang pinakamalupit sa lahat, nalaman niyang may iba itong nililigawan. Saksi pa siya nang sagutin ito ng babaeng iyon, dahil barkada rin ng kanyang kuya ang naturang babae at mismong sa kanilang bahay pa ginawa iyong *will-you-be-my-girlfriend drama* ng dalawa.

Birthday iyon ni James at sa kanila ginanap ang celebration.

Nakadama si Hazel noon ng pinaghalong sakit at galit para kay James. Hindi naman niya ito magawang komprontahin dahil baka malaman pa ng kanyang kuya ang ginawa nito sa kanya. At sa tingin niya, wala rin siyang karapatang awayin ito dahil in the first place ay hindi naman naging sila, ni hindi opisyal ang panliligaw nito sa kanya. Baka nga trip-trip lang nito iyon.

Pagkalipas ng mahigit isang buwan, nalaman niyang may bago na itong girlfriend, hindi nagtagal

may bago na naman. Para lang nagpapalit ng T-shirt. Hindi na siya nito iniawasan pero bumalik sa dati ang trato nito sa kanya—simpleng *‘little sister ni Pard’s.’*

Nginingitian siya nito at kinakausap na para bang nakalimutan na nitong minsan ay pinaibig siya nito at pinaasa.

Mula nang saktan siya ni James ay isinarado na ni Hazel ang kanyang puso rito. At isinumpa niya sa sarili na hindi na niya ito bibigyan ng pagkakataon para muli siyang mapaglaruan.

2

Muling sinilip ni Hazel si James sa kanyang kuwarto. Mahimbing pa rin ang tulog nito. Hindi siya nagtagumpay na huwag itong patulugin sa silid niya. Doon talaga ito pinapatulog ng kanyang mama at kuya kapag wala siya.

Naiinis na binalikan niya ang pinapanood sa sala. Mayamaya lang ay lumabas naman ang kanyang kuya mula sa kuwarto nito, halatang bagong gising. May tuwalyang nakasampay sa balikat nito.

“Ang aga mo, bunso,” sabi nito.

“Kanina pa ’ko. Nag-half-day lang ako sa trabaho, nag-alala kasi ako kay Lolo.” Tumango-tango lang ito. “May pagkain na sa kusina,” sabi niya pa.

“Liligo muna ako.”

Ibinalik niya ang tingin sa TV. Nasa ganoon pa rin siyang ayos hanggang sa umalis na ito para pumasok sa trabaho. Saka naman nagising si James, siguro ay naistorbo sa ingay ng motor ng kuya niya.

“Salamat naman at nagising ka na. Puwede ko na sigurong gamitin ang kuwarto ko, ano?” sarkastikong

bungad niya rito.

Sinalubong niya ito at gayak na lalagpasan, pero hinapit siya nito sa baywang. Sa isang iglap ay nakulong siya sa mga bisig nito.

“Santiago, bitiwang mo nga ’ko!” bulyaw niya rito. Pakiramdam niya ay tila may libo-libong boltahe ng kuryenteng nanulay sa kanyang mga ugat. Naging kakaiba rin ang tibok ng kanyang puso. Bumibilis na bumabagal na hindi niya mawari.

“Alam mo ba ’yung kasabihang magbiro ka na sa lasing, huwag lang sa bagong gising?” namumungay ang mga matang tanong nito.

Nagpumilit pa rin siyang makaalpas. Hinawakan ni Hazel ang braso nitong nakapaikot sa kanyang baywang pero hindi niya iyon magawang tanggalin.

“Bitiwang mo ako, Santiago, masasaktan talaga kita,” gigil niyang banta.

“It’s James, baby, not Santiago.”

Gamit ang isang kamay nitong nakaalalay sa kanyang likod ay pinisil pa nito ang kanyang pisngi. “Ang cute mo, ang sarap mong halikan,” may panggigigil na sabi pa nito bago siya pinakawalan. Sisipol-sipol itong naglakad patungo sa kusina.

Siguradong namumula na sa inis ang kanyang mukha. Pumasok siya sa kanyang kuwarto at pabagsak na isinara ang pinto. Nagkukukot ang kanyang kalooban hindi lang dahil sa ginawa sa kanya ni James kundi sa inis na rin sa kanyang sarili. Hindi kasi niya maitatangi na malakas pa rin ang epekto ng binata sa kanya, na dapat ay hindi na niya nararamdaman.

Nanlalambot na nahiga siya sa kama at niyakap ang kanyang unan. Nangunot ang kanyang noo nang may masinghot na pamilyar na amoy roon.

Kainis!

Napabangon siya at pinalitan ang punda ng kanyang unan. Hindi pa siya nakuntento at pinalitan din niya pati ang bed sheet. Hihiga na sana siya ulit nang may kumatok sa pinto ng kanyang kuwarto. Hindi naman niya ini-lock iyon kaya bago pa siya nakakilos para lumapit sa pinto ay bumukas na iyon.

“Uwi lang ako saglit,” paalam ni James.

“Saglit lang? Huwag ka nang bumalik. Besides hindi mo kailangang magpaalam, mas matutuwa akong hindi ka makita,” nakairap niyang sagot.

“Weh, di nga? Kaya pala kanina noong akala mo aalis ako biglang lumungkot mukha mo,” nakangising

saad nito.

Totoo ang sinabi nito. Nakadama talaga siya ng lungkot kanina nang akala niya ay ito ang aalis. Pero nunca na aminin niya iyon dito.

“Assumption mo lang ’yon. Feelingero,” nakaingos na kaila ni Hazel.

Tumawa lang ito pagkuwa’y pinuna ang kanyang bagong palit na bed sheet at pillow case. “Ba’t pinalitan mo ’yan?”

“Dumikit ’yung amoy-pawis mo. Nag-amoy panis na laway din ’yung punda.” Sinabi lang niya iyon para gumanti ng pang-aasar kay James. Ang totoo ay ang bango-bango ng iniwan nitong amoy, ayaw lang talaga niya iyong masinghot.

“Amoy pawis? Sinong amoy pawis?” Humakbang ito palapit sa kanya kaya napaatras siya. Bumangga ang kanyang binti sa gilid ng kama at napaupo siya. Ito naman ay nakangising patuloy sa paglapit.

“Huwag kang makalapit-lapit, Santiago! Sisipain talaga kita!”

“Sige nga,” hamon nito.

Bago pa nakakilos si Hazel ay tuluyan na itong nakalapit sa kanya. Yumukod pa ito at sa kanyang

pag-iwas ay bumagsak ang kanyang likod sa kama. Nahigit niya ang hininga nang kubabawan siya nito. Nakatukod ang magkabila nitong kamay sa kama kaya hindi tuwirang dumikit ang kanyang katawan dito, pero damang-dama niya ang init na nagmumula sa katawan ni James.

“Ano? Akala ko sisipain mo ’ko?” may ngiting tagumpay na untag nito.

“Umalis ka na, Santiago, hindi ka na nakakatuwa!” nanggigigil na asik niya rito. Nanghihina na ang kanyang mga kalamnan sa posisyon pa lang nilang iyon. Ni hindi niya magawang igalaw ang mga kamay para itulak ang binata. “Isusumbong kita kay Kuya, makikita mo!”

“My pleasure, baby. Makakasal ka sa ’kin nang wala sa oras. I-advance na natin ang honeymoon, ano sa tingin mo?”

Kinilabutan si Hazel sa sinabi nito, lalo na sa paraan ng pagtitig nito sa kanya.

“You’re crazy, Santiago. Crazy!”

“Crazy for you? Guilty as charged, baby.”

Baliw talaga! Kagat-labing napapikit na lang siya habang hinahagilap ang tumakas na lakas. Kaunti na

lang at bibigay na naman siya kay James, at hindi niya iyon hahayaang mangyari.

“P-please, James, go away. P-please...” pakiusap na lang niya bagaman labag iyon sa kanyang kalooban. Kung bakit kasi wala siyang lakas para itulak ito o sampalin samantalang kayang-kaya niya iyong gawin.

Hindi naman dating ganito ang binata, kaya nawiwirduhan talaga siya sa ikinikilos nito. Dati-rati ay ni hindi lumagpas sa sampung salita ang lumalabas sa bibig nito kapag magkaharap sila. Ngayon lang ito ulit nagbigay ng atensyon sa kanya. And worse, ganito pa.

“I will, if you promise me one thing.”

Napamulat siya at sinalubong ang mga mata ni James. “Fine, sabihin mo bilis!”

Napangisi na naman ito. “Sayang. Kung alam ko lang na papayag ka agad sana one hundred things na ang sinabi ko.”

“Santiago!” Pinandilatan niya ito. Napipika na siyang talaga. Ramdam niyang nag-iinit na rin ang mukha niya. At natatakot siya hindi sa puwedeng gawin sa kanya ng binata kundi sa sarili niyang damdamin na pakiramdam niya ay nagsisimula nang

magtaksil sa kanya.

“Okay, promise me you’ll stay away from any man. Ayokong makikita ulit na nakikipag-date ka sa iba. Ako lang ang puwedeng manligaw sa ’yo. Understand?”

Kumunot ang kanyang noo. Hindi siya makapaniwala sa mga sinabi nito. Hindi naman talaga siya nagpapaligaw sa iba. At lalong never siyang nakipag-date kung kanino. Pero alam ni Hazel ang sinasabi nitong nakita siyang nakipag-date sa iba. Iyon ay noong nakaraang araw na lumabas silang tatlo nina Abby at Adrian. Kasama nila noon ang boyfriend ni Abby kaya nagmistula silang nag-double date. At aksidenteng nakasalubong nila ang binata. Pero wala siyang planong itama ang maling-akala nito.

At ligaw? Ito manligaw? No way!

Hindi na niya hahayaang muli siyang masaktan nito. Tama na ang minsang naniwala siyang may nararamdaman si James para sa kanya. Hindi na niya kaya pang masaktan sa ikalawang pagkakataon.

“Nababaliw ka na talaga, Santiago. Malala ka na. Hindi ako mangangako sa ’yo ng kahit na ano,” mapaklang sagot ni Hazel.

“Then patawarin ako ng kuya mo sa gagawin ko sa 'yo.”

Walang babalang lumapat ang mga labi nito sa mga labi niya. Nanlaki ang kanyang mga mata at ang una niyang naisip ay itulak ang binata, pero tila nahigop na nito nang tuluyan ang natitira niyang lakas.

Gumalaw-galaw pa ang mga labi nito na nagpapikit sa kanyang biglang namigat na mga mata. At sa pagpikit niya ay mas lumalim ang pag-angkin nito sa kanyang bibig. He was kissing her lips like he owned her and before she knew it, she was kissing him back.

“Like it?” tanong ni James nang sa wakas ay pakawalan ang kanyang mga labi.

Nagmulat si Hazel at nasalubong ang nanunuksong ngiti nito.

“I want to go further, pero baka mapatay ako ng kuya mo. Meantime, hanggang d'yan muna tayo.” Umalis ito sa ibabaw niya.

Siya naman ay namumula ang mukhang napabangon.

“Damn you, Santiago! Get lost!” sigaw niya rito

nang sandaling manumbalik sa realidad ang tumakas na diwa. Sa inis ay binato pa niya ito ng unan.

“Was that your way of saying ‘thank you for the kiss?’” nang-aasar na pakli nito.

“I hate you! Go to hell, Santiago!”

“I’m afraid I can’t, baby. You see, I was named after a saint.” Pinisil pa nito ang kanyang pisngi. “I’ll be back.” Tumalikod na si James at tinungo ang pinto, pero bago ito tuluyang lumabas ay nilingon siya nito. “Thanks sa kiss. It’s a dream come true.”

Nakaalis na si James ay nakatulala pa rin si Hazel. Dinama niya ng mga daliri ang mga labi at kahit ilang minuto na ang nakalilipas ay parang nararamdaman pa rin niya doon ang mga labi ng binata.

This is bad.

Ipinilig niya ang ulo. Gusto nga niyang iuntog pa iyon, kaso siya rin lang ang masasaktan. Hindi siya dapat nagpatangay kay James. Tuloy ngayon ay parang may nakaabang na namang panganib para sa puso niya.

Ilang sandali pa ang lumipas bago niya naisip ang dapat gawin. Tumayo siya at lumabas ng kanyang

silid. Ini-lock niya ang lahat ng pinto at bintana ng kanilang bahay saka pinatay ang ilaw sa sala at bumalik sa kanyang kuwarto.

Hindi pa siya kumakain ng hapunan pero hindi rin siya makadama ng gutom. Pinili niyang abalihin na lang ang sarili sa paglalaro ng games sa kanyang cellphone para may ibang mapagbalingan. Panakanakang nagpapalitan din sila ng text ng kanyang mama.

Nang akala ni Hazel ay tuluyan nang nawaglit sa isip niya ang namagitan sa kanila ni James ay saka naman ito kumatok sa pinto.

Kahit hindi niya tingnan, alam niyang ang binata ang nasa labas. Tinatawag din nito ang pangalan niya.

“Manigas ka d’yan!” bulalas niya. Hindi na niya hahayaang makapasok ito sa kanilang bahay habang wala siyang kasama. Natatakot siyang maulit ang nangyari kanina.

Napasimangot si Hazel matapos mabasa ang text ng kanyang kuya. Tuwing umaga ay ito ang tagabili niya ng pandesal na siya niyang inaalmusal, pero mamaya pa raw ito makakauwi dahil marami raw

bagong pasok na pasyente sa ER. Sinabihan pa siya nito na kay James na lang magpabili.

Never mind!

Kumuha siya ng pera sa kanyang wallet at naglakad na palapit sa pinto. At mas nalukot ang kanyang mukha nang mapagbuksan si James. Nakaupo ito sa tapat ng pintuan at agad napatayo nang maramdaman ang presensya niya.

Tangan nito ang isang brown paper bag na hula niya ay pandesal ang laman. At parang hindi maganda ang umaga nito dahil seryosong-seryoso ang mukha.

Humakbang ito papasok sa bahay at nilagpasan lang siya. Tuluy-tuloy ito sa kusina.

Sumunod na lang si Hazel.

“Hoy, kape ko ’yan,” mataray niyang sita nang maabutan itong hinihigop ang kapeng tinimpla niya kani-kanina lang.

“Kaya pala ang tamis, parang lips mo lang,” sabi ni James, may nakapaskil nang ngiti sa labi.

Nag-init bigla ang kanyang mga pisngi at nagsimula na namang magrigodon ang kanyang dibdib. “Ang aga mong mambwisit. Wala kang ibang magawa?”

Hindi ito sumagot. Ibinaba lang nito ang tasa ng kape sa mesa at naglakad palabas ng kusina. Ang akala niya ay aalis na ito pero saglit lang at nakasimangot itong bumalik.

“Ba’t naka-lock ang kuwarto mo?”

Tumaas ang kanyang kilay. “O, bakit? Pakialam mo?”

“Pahiram ng susi, matutulog ako.”

Tutulog na naman? Kunot ang noong napatitig siya rito at nakita niyang tila nga babagsak na ang mga mata nito.

Ang alam niya ay rest day nito kahapon, kaya paanong napuyat ito?

“Tititigan mo lang ba ako o ibibigay mo ang susi?” untag nito sa kanya.

Napairap siya. “No way, Santiago. I don’t care kung inaantok ka at ayaw mo sa bahay mo o sa room ni Kuya. D’yan ka sa sala kung wala kang ibang mapagpilian.”

“Grabe, alam mo bang ikaw ang dahilan kung bakit ako puyat? Magdamag lang naman ako d’yan sa labas ng bahay, nilalamig habang ikaw naghihilik.”

Nalilitong hindi niya naituloy ang gagawin sanang pagsubo ng pandesal sa bibig. Tinitigan lang niya si James na parang kinukumpirma sa mukha nito ang katotohanan sa sinabi.

Pero totoo man o hindi ang sinabi nito ay ipinakita pa rin niyang wala siyang pakialam.

“Bakit, sino ba may sabi sa ’yong magbantay ka d’yan sa labas?”

“Wala,” maagap nitong sagot. “Hindi ko lang talaga kayang iwan kang mag-isa.”

Napipilan siya. Wala na siyang maisip na ibato kay James dahil masyado siyang apektado sa sinabi nito. Itinuon na lang niya ang kanyang pansin sa pagkain kaysa mag-aksaya ng oras sa binata.

Naramdaman ni Hazel ang paglapit nito, pero hindi siya nag-abalang tingnan ito. Muntik na siyang nahulog sa kinauupuan nang bigla siya nitong halikan sa leeg.

“Santiago!” singhal niya rito kasabay ng pagsalakay ng riot sa kanyang dibdib.

Pero sa halip na masaway ang binata ay ipinihit pa nito ang kanyang mukha paharap dito at inangkin ang kanyang mga labi na nagpahina sa kanyang mga

gulugod.

May ngiting tagumpay sa mga labi nito nang ilayo ang mukha sa kanya.

“You’re right, I can sleep anywhere kahit sa sofa pa. Hindi ko na kailangang yakapin ang kama mo para maramdaman kita,” masuyo nitong sabi saka pinisil ang kanyang pisngi. “Tulog muna ako.” Iyon lang at tinalikuran na siya nito.

“Huwag ka na sanang magising! Bad breath!” nanggigigil na sigaw niya rito.

Huminto ito at nilingon siya saka itinaas ang isang kamay, hiningahan iyon at inamoy. “Hindi naman, ah. Amoy kape lang at pandesal.”

3

“Eh, kasi gusto mo pa rin siya, best, kaya ka super affected,” sabi ni Abby kay Hazel matapos niyang ikuwento rito ang mga nangyari sa pagitan nila ni James, pero hindi kasama siyempre ang paghahalikan nila.

Hindi naman talaga niya ugaling magkuwento ng mga personal na bagay kahit pa nga kay Abby, masyado lang matalas ang radar nito at napansin na madalas siyang natutulala.

Paano ay tuksong paulit-ulit na naglalaro sa imahinasyon niya ang paghahalikan nila ni James, at parang nararamdaman pa rin niya ang mga labi nitong nakadampi sa mga labi niya.

Pero mali si Abby. Wala na siyang gusto sa binata. Matagal na niyang inilibing ang pagmamahal niya rito. Siguro ay nanibago lang siya dahil kakaiba ang mga ipinaranas nito sa kanya, may mga binuhay ito sa kanya na bago sa kanyang sistema.

“Wala na akong gusto kay Santiago, best. Matagal na ’yon, ano ka ba!” kaila niya.

“Hay naku, best. Sige lang, i-deny mo. Libre

'yan,” nakatirik ang mga matang palatak nito. “Pero 'eto lang masasabi ko sa 'yo, maloloko mo kahit sino pero hindi ang sarili mo. And look, best, wala namang masama kung buksan mo ulit ang puso mo para kay James, eh. Base sa paraan ng pagtingin niya sa 'yo kahapon, I can tell, best, may gusto siya sa'yo,” litanya nito.

“If I remember, best, Pharmacy ang tinapos mo, hindi Psychology,” sarkastiko niyang sagot. “At isa pa, alam mo wala na sa vocabulary ko ang love-love na 'yan, okay? Lalo na kung si Santiago din lang. Magpapakatandang dalaga na lang ako.”

“Huwag kang magsalita nang tapos, best. Alalahanin mo, walang pinipili ang pana ni *Kupido*. Kahit sintigas pa ng bato ang puso mo, kapag natipuhan ka niya wala kang kawala. At lalo na nga kung si James ang Prince Charming na pinili niya para sa 'yo. Ang iyong first and only love.”

“Kabaliwan ang mga sinasabi mo.”

“Hay naku, best, magpaka-KJ ka hanggang gusto mo. Pero sinasabi ko sa 'yo, masarap magmahal. Kaya, best, kung ako sa 'yo huwag mo nang pigilan 'yan. Kung ang ikinatatakot mo lang, eh, ang masaktan ka ulit, isantabi mo na muna. Normal lang ang masaktan, best, kasama talaga 'yan kapag nagmahal ka. Kung

hindi ka masasaktan, hindi ka totoong nagmamahal.

“At kung kasing-hot at kasing-guwapo din lang ni James?” Ngumiti pa si Abby na tila nangangarap. “Kung ako ang nasa posisyon mo, kahit isang daang beses pa niya akong saktan, tatanggapin ko.”

Hindi niya alam kung matatawa siya o maiinis kay Abby. Noon pa mang nag-aaral pa lamang sila ay may crush na rin ito kay James. Tuwang-tuwa pa nga ito nang i-accept ito ng binata sa *Facebook*. Pero sa ngayon ay hindi na ulit friends ang mga ito dahil deactivated na raw ang dating account ng binata. Kung may bago man itong account ay hindi naman makita ng kaibigan.

“Ingay mo, Abegail. Bilisan mo na lang kumain d’yan at nang makakain na rin kami ni Jas,” sabi ni Adrian na hindi nila namalayang nakasungaw na pala sa pintuan ng staff room.

“O, bunso, ’andyan ka na pala,” bati kay Hazel ng kanyang kuya nang maabutan niya ito sa sala. Naka-uniform na ito at nagsusuot na lang ng jacket. “Hindi na ako nakapagluto ng ulam, na-late ako ng gising, eh. Pero nagsaing na ako. Ikaw na bahala, ha, kumain ka.”

“Okay, ingat.”

Lumabas na ito ng bahay. Siya naman ay tumuloy sa kanyang kuwarto at pinalitan ng damit-pambahay ang suot na uniform. Muli siyang lumabas pagkatapos at nagbabad sa panonood ng TV sa sala. Tinatamad siyang magluto. Siya lang naman kasi ang kakain dahil wala pa ang kanyang mama. Baka raw sa isang araw pa ito makabalik.

Hindi pa nag-iinit ang kanyang likod sa pagkakahilata sa sofa nang maramdaman niyang may pumasok at hindi na niya kailangang tingnan kung sino. Sa paglukob pa lang ng kakaibang kaba sa kanyang dibdib, alam na niyang si James iyon.

“Ganda ng higa, ah. Talo mo pa model ng sofa.”

Hindi niya ito pinansin at itinuon lang ang atensyon sa panonood ng TV. Kaysa patulan niya ang pang-aasar nito at matraydor na naman ng sariling damdamin, mas mabuti pang manahimik na lamang siya at isiping hindi ito nakikita.

Mukhang nagtagumpay naman siya dahil hindi na ito nangulit bagkus ay tumalikod at nagmartsa patungo sa kusina. Pero saglit lang at muli itong lumabas mula roon.

“Wala kang pagkain? Grabe ka, buti pa pag

'andito si Tita Helen.”

“Kung nagugutom ka, magbukas ka ng de lata d’yan. Kung ayaw mo naman, umuwi ka sa bahay mo at d’un ka mag-inarte ng kakainin. Nakakahiya naman kasi sa ’yo, ’no? Makikikain ka na lang talo mo pa may-ari ng bahay makapagreklamo.”

Akala niya ay mapipikon ito sa sinabi niya, pero walang-imik lang itong bumalik sa kusina.

Nawalan na siya ng ganang manood. Hindi na rin naman niya naiintindihan ang palabas. Isa pa, kinakabahan siyang baka sapian na naman ng kamanyakan si James at makaisa ulit sa kanya. Tumayo si Hazel at nagkulong na lang sa kanyang silid. Ini-lock pa niya iyon para masigurong hindi basta makakapasok ang binata.

Paglipas ng mahigit thirty minutes ay nakarinig siya ng malakas na katok sa pinto ng kanyang kuwarto. Hindi niya iyon pinansin kahit naririndi siya.

“Hoy, Hazel, buksan mo ’to. May package na dumating galing kay Tito Roger,” sabi ni James mula sa labas.

“Kay Papa?” ulit niya sa sarili.

Nasa Qatar ang papa niya, anim na taon na itong pabalik-balik doon. Pero pag-uwi nito ngayong taon ay hindi na ito ulit aalis dahil tapos na siya sa pag-aaral at pangako talaga nilang magkapatid na pagpapahingahin na ito kapag pareho na silang may trabaho.

Excited na tumayo siya at binuksan ang pinto. Sinalubong siya ng malakas na tawa ni James.

“Ano’ng nakakatawa?”

“Tara, kain na tayo,” sabi lang nito nang masupil ang tawa.

Nangunot ang kanyang noo. Nang makita niyang nagpipigil na naman sa pagtawa si James ay saka lang niya naunawaan na niloko lang siya nito para mapilitan siyang buksan ang pinto. Sa inis niya ay pinagsusuntok niya ito sa braso.

“Aray, masakit naman, babe,” reklamo nito habang sinasalag ang kanyang mga kamay na walang tigil sa pag-atake rito.

“Babe-in mo ’yang mukha mo! Baliw ka!”

“Tama na nga kasi. Masakit.” Hinigpitan nito ang hawak sa isang pupulsuhan niya at hinila siya patungo sa kusina.

Hayun na naman ang pakiramdam na para siyang nakukuryente sa pagkakahawak nito, pero kahit magpumilit siyang makawala ay hindi siya nito binitawan. Pagdating sa kusina ay ipinaghila siya ni James ng upuan at sapilitan siyang pinaupo sa harap ng nakahaing pagkain. Hindi niya alam na nagluto pala ito. At kahit naiinis siya ay nakadama pa rin siya ng excitement na matikman ang luto nito kaya hindi na siya nag-inarte.

Pumuwesto ito sa kaibayo niyang silya at nilagyan ng pagkain ang plato sa kanyang harap.

“Kumain ka nang marami. Ayokong nangangayayat ka. Mas mabuti nang may yakap akong unan kaysa tingting.”

Umigkas ang kanyang paa sa ilalim ng mesa at sinipa ito sa binti.

Napangiwi ito. “Ouch! Para kang kabayo.”

“You deserve it, jerk!” nakangiting-asong sagot ni Hazel saka sinimulan ang pagkain.

Sinigang na baboy ang niluto ni James, at aaminin niyang masarap iyon. “Marunong ka palang magluto? ’Kala ko pambababae lang ang alam mo.”

“Ang harsh naman n’on. Pambababae talaga?”

“Hindi ba, Mr. Babaero?” pauyam niyang pakli.

Ngumiti ito nang nakakaloko. “Porke ba maraming babae sa buhay, babaero na? Hindi ba puwedeng mapagmahal lang ako?”

Mas nainis siya sa sinabi nito. Ngali-ngali niyang isaboy sa mukha nito ang sabaw ng sinigang at nang mahimasmasan ito. “Eh, di inamin mo rin na marami ka ngang babae.”

“Marami nga.” Itinaas pa nito sa ere ang kamay at nagbilang sa mga daliri. “Si Mama, si Ate Martina, si Tita Helen, ikaw... ang dami n’yo nga.” Kumindat pa ito.

Ramdam ni Hazel ang pag-iinit ng kanyang mga pisngi, at upang mapagtakpan ang kilig na nasa kanyang dibdib ay muli niya itong sinipa.

“Aray naman. Isa pa, ha.”

“Bakit, ano’ng gagawin mo, sisipain mo rin ako?”

“Hindi ako nananakit ng taong mahal ko,” seryosong banat nito.

Saglit siyang natigilan sa sinabi nito. *Hindi siya nananakit ng taong mahal niya...*

“So hindi mo ako mahal kaya mo ako sinaktan,”

hindi niya napigilang sabihin.

Si James naman ang natigilan. Tiim-bagang itong napatitig sa kanya. “Nasaktan pala kita?”

Wow! Kaloka! Hindi mo alam? Pinaniwala mo ako... pinaasa... ’tapos biglang iniwan sa ere. Dinurog mo ang puso ko. Hindi pala pananakit ang tawag mo d’on? ngali-ngali niyang sabihin, pero pinigilan niya ang sarili.

Ayaw niyang magmukhang bitter sa harap nito.

Hindi na siya nagsalita at itinuon na lang ang buong atensyon sa pagkain. Si James naman ay tumahimik na rin. Kung ano ang iniisip nito ay hindi niya alam dahil iniwasan na niyang mapatingin dito.

Una siyang natapos kumain. Tumayo na siya at dinala ang pinagkainan sa lababo.

“Kanya-kanyang hugas tayo, ha,” sabi niya.

Matapos niyang mahugasan ang kanyang kinainan ay iniwan na niya si James sa kusina at tumambay muna siya sa sala. Pinilit niyang i-divert ang kanyang isip sa palabas sa TV.

Nasa kalagitnaan siya ng panonood nang lumabas mula sa kusina si James. Tumabi ito sa kanya at nakinood. Hindi man literal na magkadikit ang

kanilang mga balat ay para pa rin siyang napapaso sa pagkakalapit nilang iyon kaya bahagya siyang umisod palayo rito.

“Ang drama naman ng pinapanood mo. Di ka pa ba nagsawa d’yan? Kabisado mo na ang kwento niyan, eh,” reklamo nito at tinangkang agawin sa kanya ang remote, pero mabilis niyang naiwas.

“Sino ba may sabi sa ’yong manood ka? Kung umaalis ka na kaya, tutal naman busog ka na,” sarkastiko niyang sagot dito na hindi inaalis ang tingin sa TV.

“Wala naman akong pupuntahan. Hindi pati kita puwedeng iwan, wala kang kasama.” Itinaas pa nito ang mga binti sa center table habang prenteng nakasandal ang likod sa backrest ng sofa.

Mapakla siyang ngumiti. *Mas delikado nga ako sa ’yo, eh. Manyak!*

“Wala ka bang pasok?” sa halip ay tanong na lang niya.

“Wala. Naka-leave ako.”

Namayani ang katahimikan nang hindi na siya sumagot. Tanging ang ingay na lang sa TV ang kanilang naririnig. Nang sulyapan niya si James ay

nakita niyang tutok na tutok na rin ito sa panonood at may luha pang namumuo sa mga mata nito. Hindi tuloy niya napigilan ang mapangiti. Napansin nito iyon at bigla nitong pinahid ng daliri ang gilid ng mata.

“Ba’t kasi ang drama ng palabas na ’yan, wala na bang iba?” halatang nahihiya pang sabi nito.

Hinigit nito sa kamay niya ang remote at naghanap ng ibang mapapanood.

“Ba’t nahihiya ka? Crying doesn’t make you less of a man,” aniya.

“Hindi ko naman ikinahihiya, ang baduy lang talaga.”

Huminto ito sa paglilipat ng channel nang makakita ng tipong palabas, pero wala pang isang minuto nila iyong pinapanood ay napunta sa love scene ang tagpo.

Nag-init ang kanyang mga pisngi at sunud-sunod siyang napalunok. Nang hindi na matagalan ni Hazel ay tumayo siya at walang-imik na naglakad papunta sa kanyang kuwarto. Hindi niya alam na sumunod sa kanya si James at bago pa niya napihit ang doorknob ay niyakap na siya nito mula sa likuran.

“Ano ba, Santiago? Bitawan mo ’ko,” singhal niya sa pilit pinabuong tinig.

Sa halip na pakawalan siya ay lalo pa nitong idinikit ang dibdib sa kanyang likod. Ipinatong pa nito sa kanyang balikat ang baba kaya nang sunod na magsalita ay para siyang kinikiliting hindi mawari.

“What’s with all the hate, Hazel?”

“Hindi mo alam?” pigil ang pagpiyok na sagot niya.

“I think I know, pero hindi ako sigurado. Ayokong mag-assume.”

Napapikit siya dala ng hindi matatawarang kiliting gumagapang sa kanyang tainga at nanunulay sa bawat himaymay ng kanyang katawan. Gayunman ay sinikap niyang panatilihing matatag ang sarili. Hindi na siya puwedeng bumigay kay James, hindi na.

Gamit ang natitirang lakas ay siniko niya ang binata kaya nakawala siya rito, saka niya mabilis na binuksan ang pinto ng kanyang kuwarto bago pa siya nito muling mapigilan.

I think I know pero hindi ako sigurado? Sira-ulo pala siya, eh! Gustong-gusto na sana niyang

ipamukha sa binata ang pananakit na ginawa nito sa kanya noon, kung di lang nangibabaw ang kanyang pride. Hihintayin na lang niyang sa bibig nito iyon manggaling.

Dahil walang pasok si Hazel, hindi siya nabahala nang late na siyang nagising kinabukasan. Hindi siya nakatulog nang maayos kagabi dahil ayaw siyang patahimikin ng pagmumukha ni James.

Lumabas siya ng kuwarto at nagtungo sa banyo para maghilamos at mag-toothbrush, saka siya nagtungo sa kusina. Naabutan niya roon si James na naglalagay ng sandwich spread at pritong itlog sa pandesal. Ngumiti ito nang makita siya.

“Good morning, baby!”

“Bad morning ’ka mo,” nakairap na tugon niya.

“Hindi ka ba napapagod sumimangot, ang aga-aga?”

“Kung ikaw naman ang sisimangutan ko, hindi,” pang-asar niyang sagot.

Humila siya ng silya at naupo saka nilantakan ang inihanda nitong pandesal. Gusto niyang matuwa sa effort nitong ipaghanda siya ng agahan, pero palagi

na lang humaharang sa kanyang dibdib ang takot na muli lang masaktan.

“Rest day mo, di ba? Labas tayong mamaya.”

“Tayong dalawa? Ha? Never mind.”

“Masyado namang obvious na ayaw mo akong makasama,” reklamo ng binata. Ipinatong nito sa harap niya ang tinimpla nitong kape at naupo na rin ito sa tapat niya.

“Obvious naman pala, eh. Ba’t mukhang hindi ka tinatablan?”

Sumeryoso na ito. “Bakit nga? Tell me. May kinalaman ba dito ’yung nangyari dati? ’Yung sa text?”

Umilap ang kanyang mga mata at iniwasan niyang masalubong ang titig ni James. Hindi naman na siya nasasaktan kapag naaalala niya ang ginawa nito noon, at gusto talaga niyang ito ang mag-open ng topic na iyon, pero ngayong lumabas na nga sa bibig nito, saka naman parang ayaw na niyang pag-usapan.

Ipinagpasalamat niya nang marinig nila ang paghimpil ng motor sa garahe. Nawalan na ng imik si James at tahimik na nag-almusal.

“Ang tahimik. Akala ko mga tulog pa kayo, eh,” bati ng kanyang Kuya Chris nang pumasok ito sa kusina.

“Kape, pards?” kaswal na alok ni James dito.

“Tado! Parang ayaw mo akong patulugin, ah.”

Dumampot ang kanyang kapatid ng pandesal at kinagat iyon saka nagmartsa palabas ng kusina. “Nga pala, bunso,” lingon nito nang may maalala. “Ipaglaba mo ’ko ng uniform, wala na ’ko susuotin sa isang araw, eh.”

“Okay,” tugon niya.

Nang tuluyan nang maglaho sa kanilang paningin ang kuya niya ay naninita ang tinging bumaling sa kanya si James. “Ba’t ka pumayag? Di ba sabi ko lalabas tayo?”

“Kung hindi ako nagkakamali, ang sabi ko ayoko, di ba?” tikwas ang labing sagot niya.

“Ang labo mo naman,” iiling-iling na sabi nito. Waring inis na tumayo ito at iniwan siya sa kusina.